

1

The Cheating Bastard

“**B**usy ako sa work. Baka hindi na ako makapunta diyan,” malamig na sabi ni Jon.
Hmm. Bakit kaya?

“Linggo ngayon, ah? And it’s our anniversary. Fifth anniversary! Don’t you care?” mariin kong tanong sa kanya.

Parang gusto kong maghurumentado ngayon dito sa apartment ko.

“Pinag-report ako ni boss, eh,” sagot niya.

“Paano ang anniversary natin?” I didn’t want to sound like an irate mother hen, but I couldn’t help it. Sobrang naiinis ako.

“Babawi na lang ako pag hindi na busy,” he said then hung up before I could say a word.

What? So that’s it? I can’t believe it!

I got stood over. This was not the first time he took me for granted over work.

Nakakainis!

Excited pa naman ako dahil akala ko magdi-date kami ngayon ni Jon. I haven't seen him for almost a month now. Palagi na lang trabaho ang inaatupag niya. I mean, I'm busy too, but when it comes to him I always make time. He's been in and out of the country lately kaya mas lalong hindi kami nagkikita.

Pero kahit madalas ang pagtatampo ko sa kanya, sinusubukan ko pa rin siyang intindihin tatal busy rin ako sa trabaho at ayokong maging makulit na girlfriend. But this is too much, it's our anniversary today!

Minsan naisip ko na baka may iba na si Jon. Na baka may nakilala na siyang iba sa pagta-travel niya.

Arghh! 'Ayan ka na naman, Meg! Busy lang 'yong tao!

Natatandaan kong sinabi niya na he's working hard for our future. Somehow, that thought made me feel better.

Pero nitong mga nakaraang buwan, hindi ko maipaliwanag kung bakit kinukutuban ako ng masama. It's like my instinct was telling me that something bad was about to happen but I'd always dismiss that thought after a while.

I trust him. At sobrang nami-miss ko na siya. I have to see him.

Hindi ako mapakali. I have to do something. Naisipan kong puntahan na lang siya sa apartment niya at doon hintayin ang pag-uwi niya. I'd surprise

him. Then we could still celebrate.

Pumunta ako ng grocery store at namili ng ipanghahanda. I know he liked my cooking, especially my version of chicken pesto pasta.

Matulin ang patakbo ko ng kotse papunta sa lugar ni Jon. Nang makarating ay ibinaba ko ang mga dala ko sa sahig sa tabi ng pinto. Hindi na ako kumatok dahil alam ko namang wala siya at nasa trabaho pa.

Besides, I know where he puts his spare key. Sa ilalim ng floormat! Inangat ko ang floormat, pero wala roon ang susi.

Hmm... He must have moved it because I warned him before na baka maisahan siya ng magnanakaw. Kinapa ko sa sulok ng pinto kung saan nakita ko minsang nakitang kinuha niya... pero wala rin doon.

Sinubukan ko sa kabilang sulok at... *Yes!*

Pagbukas ko ng pinto, napansin ko agad ang isang pares ng pulang stiletto na katabi ng sapatos ni Jon. *WTF?*

Kinabahan ako.

Definitely not his mom's shoes...

She wouldn't wear those 5-inch heels and he didn't have a sister! There's definitely something wrong here. Nagdahan-dahan ako papuntang kusina.

Parang bukas ang TV.

And what the hell was that other sound?

Ungol? Nanggagaling sa kwarto ni Jon.

Something in my guts told me not to continue

and to just walk away but I went on anyway. Sobrang lakas ng kabog ng dibdib ko.

Pagtapat ko sa kwarto niya ay nakita kong bahagyang nakabukas ang pinto. Sumilip ako at tumambad sa akin ang hubo't hubad na katawan ni Jon at ng isang babae. Nagtatalik ang dalawa.

Shit!

Uminit ang mukha ko sa galit. Tinakpan ko ang aking bibig para hindi ako mapasigaw at saka unti-unting napaluha habang nasa likod ng pintong naghihiwalay sa akin mula sa hubad na katotohonan.

Napaatras ako at dali-daling tumakbo palabas. Parang umiikot ang paningin ko.

He's been cheating on me! He's been cheating on me all this time!

Hindi ko alam kung paano ako nakarating sa kotse ko. Basta pinaharurot ko iyon nang hindi alam kung saan tutungo. Gusto ko lang makaalis. Hindi ko namalayang napakabilis pala ng patakbo ko sa kotse. Patuloy ang pagbuhos ng aking luha at halos hindi ko na makita ang daan. Bakit nangyayari ito sa 'kin ngayon?

Nasa intersection ako nang makita kong may nagbanggaang ten wheeler truck at isang matulin na sasakyan. Hindi ko iyon masyadong pinansin. I have my own battle going on inside my head. Nagpatuloy ako sa pagmamaneho.

2

The First Sight

Marahil ay sa sobrang sakit na naramdaman ko na halos hindi ko alam kung paano ako nakarating sa apartment ko. Nakatulog yata ako dahil paggising ko ay alas cinco na ng hapon. Pagbangon ko ay tiningnan ko ang sarili ko sa salamin.

Damn! I look horrible!

Mugtong-mugto ang mga mata ko.

Tumutunog na ang sikmura ko. Hindi pa nga pala ako kumakain simula kaninang umaga.

Usually, nagluluto ako sa apartment pero ngayon, parang gusto kong kumain sa paborito kong restaurant. Gusto kong lumamon! I need comfort food! Ang saklap ng pangyayaring ito sa buhay ko. Ni minsan ay hindi ko naisip na mangyayari ito sa akin. Ngayon pa talaga?

Sinubukan kong mag-ayos, pero wala na yata

akong magagawa pa sa namumugto kong mga mata. Naglagay na lang ako ng sunglasses at pumasok sa restaurant.

Umupo ako sa isang sulok malapit sa bintana, malayo at nakatalikod sa mga tao. Ayaw kong may makakita sa kalagayan ko.

Nakatitig ako sa bintana at nag-iisip ng next move ko nang biglang umulan nang napakalakas. Buwiset! Nakakasenti pa lalo ang panahon!

Hindi ko alam kung bakit nangyayari sa akin ito. Sa loob ng limang taon, akala ko si Jon na ang makakatuluyan ko. Kailan pa kaya niya ako niloloko? Hindi ko na napigilan at naluha na ako. Kebs na kung may makakita sa akin ngayon.

I just don't get it. Naging mabuti akong girlfriend kay Jon. Pinaglaanan ko siya ng mahabang panahon. Limang taon din iyon! Hindi man lang niya iyon pinanghinayangan?

I didn't see this coming. I let my guard down. I trusted him too much despite my doubts.

Kaya pala halos wala na siyang time para sa akin. May iba pala siyang kinakalantari!

Gago ka, Jon!

Niloko niya ako. Parang gusto kong maglupasay rito sa restaurant! Saan ba nanggagaling itong sakit na nararamdaman ko?

Hawak-hawak ko ang cellphone ko para i-delete na lahat ng mga naka-save tungkol kay Jon nang maramdaman kong may nakatayo sa tabi ko. Iritado

agad ako. Ano ba ang kailangan nito sa akin? Nagsesenti ako dito, eh!

Binalingan ko siya.

Isang lalaking matangkad, medyo kulot at magulo ang buhok, matangos ang ilong, at may maamong mukha ang nasilayan ko. His attractiveness immediately caught my eye. Pero wala ako sa mood na magpa-cute sa kanya.

“Ano’ng kailangan mo?” may halong inis na tanong ko sa kanya at nangunot ako ng noo to emphasize that he’s invading my personal space.

“Sorry, Miss, napansin kasi kitang umiiyak. Is everything okay?” seryosong tanong niya.

Now he has crossed the line.

Pake mo! Nainis ako lalo sa tanong niya. Okay? Hindi ako okay!

Pero sinagot ko pa rin siya. “Yeah, okay lang, napuwing lang ako. Don’t mind me,” sabi ko, pero what I really meant was, *‘lubayan mo ako!’*

“Talaga? Parang umiiyak ka, eh,” aniya, walang halong biro.

Hindi ako sumagot. Ano ba ang pakialam ng lalaking ito? *Leave me alone! Gusto kong mapag-isa!*

“I’m sorry. Am I creeping you out? I’m Rick.” Nahalata yata niyang nainis ako. He held out his hand to me for a handshake.

Tinanggap ko naman. “Megan,” I said, hesitant.

“Hi, Megan. May kasama ka dito?” tanong niya.

Ay, meron! *Yung multo ng lola ko. Sabay kaming kakain.*

Gusto ko sana siyang barahin dahil naiinis ako pero sa halip ay, “Wala,” ang isinagot ko sa kanya.

“Great. Mind if I join you for dinner? Parang kailangan mo ng kausap, eh.” Ngumiti siya. Napansin ko agad ang magandang ngipin niya.

I have a thing for men with great teeth kasi.

“Uhm...” Nagdalawang-isip ako dahil gusto ko sanang mapag-isa.

“Sige na?”

Gusto kong tumanggi kaso mapilit siya and his smile was so inviting.

“Okay,” sagot ko at napabuntong-hininga na lang.

Dali-dali siyang pumuwesto sa bakanteng upuan sa harap ko. “Did you order already?”

Tumango lang ako sabay sabing, “Yeah.” Sumilip ako sa cellphone ko pero ang totoo nagsasalamín ako.

Packing tape! I look awful! Bakit ngayon pa? Nakaka-conscious!

“Then we’ll just wait.”

Sabay kaming kumain. He seemed nice. Pero wala talaga ako sa mood na magsalita. Nahihya rin ako sa kanya. Ang dami rin niyang tanong. Wala akong ideya kung bakit nakikipag-usap sa akin ang lalaking ito. Naaawa ba siya sa akin?

Nakakatawa siya at charming. Hindi rin nonsense ang mga pinagsasabi niya. The way he talked was so

classy. May pagkakonyo, pero hindi pilit, hindi alangan. Halatang mataas ang pinag-aralan at hindi pipityugin.

Masaya siyang kausap pero kailangan ko nang umalis dahil ang sama talaga ng pakiramdam ko. Ikaw ba naman makakita ng live show at iyong boyfriend mo pa ang bida? Sumasakit ang dibdib ko, literally! Nagpaalam na ako sa kanya at dali-daling umalis.

Nakarating ako sa apartment ko nang hindi ko namamalayan. Lutang pa rin ako. Dumerecho lang ako sa higaan ko dahil parang lalagnatin yata ako.

Niyakap ko ang blanket ko at ang stuffed-toy sa tabi ko. Naalala ko si Jon, bigay niya nga pala ito sa akin. Dahil doon, pinagbubugbog ko ang walang malay na laruan. Bukas ay susunugin ko ang lahat ng ibinigay niya sa akin.

Ano kaya ang ginagawa niya ngayon? Malamang kasama niya pa rin ang babaeng iyon.

Are they still in bed?

Damn it! I tried thinking about other things but the pain just wouldn't go away. It hurt like hell!

Naisip ko ang lalaking nakilala ko kanina, si Rick. Okay naman siya. Medyo nailang lang ako dahil pakiramdam ko ang panget ko kanina. Hell, that was my lowest low.

Rick was sophisticated. The way he dressed, the way he talked and the way he acted—he was perfect. Kung nasa timing lang sana, I would have stayed there and chatted with him. Maybe exchange numbers and who knows?

3

The Second Sight

Pinilit kong bumangon kinabukasan. Pagdilal ko pa lang ay naisip ko nang tawagan si Jon para komprontahin siya at hingan ng explanation, pero nanalo ang pride ko. Anong explanation pa ba ang gusto ko?

Nakita mo na nga, Meg. Sa kama pa, di ba? Huwag kang tanga!

Hindi ko siya kailangan sa buhay ko. Kailangan kong patunayan sa kanya na kaya kong wala siya. Na nagkamali siya nang ipagpalit niya ako sa iba. Peste! Bakit niya ako ipinagpalit doon? What did I do wrong? Wala na nga talaga yatang matinong lalaki sa mundo ngayon.

Natulala ako nang mag-ring and cellphone ko. Isang numerong walang pangalan. Alam na alam ko kung sino ito. Si Jon. Malamang napagtanto na niya

na ako ang nag-iwan ng pinto na nakabukas at ng groceries sa labas ng apartment niya.

Tatlong beses siyang tumawag. Bawat tawag niya ay kina-cancel ko. *Leche!* Walanghiya siya. Tatawag-tawag pa. *Bistado ka na, ulol!*

Mas nag-effort akong mag-ayos ngayong umaga. Mas matagal akong naligo, pinatuyo ang buhok at naglagay ng kulot sa dulo. Nagsuot ako ng pastel yellow dress, high heels at naglagay ng ibang shade ng lipstick.

Maganda ka naman, makakahanap ka pa ng iba d'yan, sabi ko sa malungkot na babaeng nakatitig sa salamin.

Dumating ako sa pinagtatrabahuhan ko at dumerecho sa office ko. May naglagay ng kape sa desk ko pero hindi ko iyon pinansin. Nagsimula agad ako sa pagtatapon ng lahat ng bagay na galing kay Jon, lahat ng puwedeng magpaalala sa akin sa kanya.

The sooner I get rid of them, the faster I can move on.

“Ma’am, okay lang po kayo? Kailangan ninyo ng tulong?” tanong ng assistant kong si Nanette na nakasilip mula sa pintuan.

“Hindi. Kaya ko na ’to,” sagot ko na hindi tumitingin sa kanya.

Naglaho siya sa likod ng pinto. Pagkalipas ng ilang minuto, nakangiting bumalik ang assistant ko na may dala-dalang bouquet ng bulaklak.

“Flowers for you, ma’am!”

“Kanino galing ‘yan?” Napakunot-noo ako.

“Malamang kay Sir Jon po,” automatic na sagot niya na medyo ikinainis ko.

“Impossible. We just broke up,” agad kong sagot. *Shit!* I did not intend to say that out loud.

Bigla siyang napatingin sa akin na para bang may nasabi siyang masama. “Sorry, ma’am, hindi ko po alam,” she murmured, obviously regretful.

“Okay lang. Paki-check ang card,” utos ko.

“Rick daw po, ma’am.”

Napataas ako ng kilay. *Rick?* As in Rick from the restaurant last night? Paano niya nakuha ang address dito?

“Akin na,” sabi ko at iniabot niya sa akin ang card.

Hi! Cheer up and call me.

– Rick Santillan

May nakalagay na cellphone number sa ibaba ng card. Tinawagan ko ang numero at sumagot siya sa ikalawang ring.

“Hello? May I speak with Rick?”

“Yes, this is Rick.”

“Uhm... this is Megan.”

“Hi! Did you get the flowers?” he answered cheerfully.

“Yes, which is why I’m calling. Paano mo nakuha ang address na ‘to? Stalker ka ba?” Hindi ko na itinago ang inis sa tono ng boses ko.

“Wait. Hindi. Hiningi ko doon sa may-ari ng

resto. Nabanggit mo kagabi na kilala mo ang may-ari, remember?” paliwanag niya.

“Hmm, I did? Well, thank you,” sagot ko, at medyo kumalma ako. “Still, I don’t think dapat niyang ipamigay ang info tungkol sa clients niya,” mahina kong dugtong.

“I hope you don’t take it against her. You see, she’s a family friend. At alam niyang hindi masama ang intensyon ko. And you’re welcome. Gusto sana kitang imbitahan mag-dinner?”

“Nag-dinner na tayo, ah.”

“Nagkataon lang iyon. Gusto ko sana ng formal meeting.”

Ano ba’ng plano ng lalaking ito?

“Ah, I’m not sure, eh. Medyo busy kasi ako ngayon. Next time siguro.” Nagtaka ako kung saan nanggaling ang pagpapakipot na iyon.

“Oh, I see. Sige,” parang disappointed na sagot niya.

“Sige, ha. May meeting pa kasi ako.” Nagsinungaling ako. “Thanks for the flowers.”

Pinutol ko na ang tawag bago niya pa ako makumbinse. Gusto ko talaga sana at nanghinayang din ako sa opportunity na makilala siya, pero ewan, naguguluhan pa ako ngayon sa sarili ko. Inilagay ko ang flowers sa vase at nagpatuloy na sa aking ginagawa.

I tried to focus in the present. I have a great career ahead of me. Ako ang Editor-in-Chief ng Sassy, isang

sikat na fashion & lifestyle magazine sa Pilipinas. Bukod sa trabaho ko, may sarili na rin akong business and I am a published writer. Proud ako sa sarili ko. Sa edad na twenty-six ay may napatunayan na ako. Pero bakit hindi ito nakita ni Jon? Ipinagpalit niya ako sa babaeng iyon.

What have I done wrong?

Hay naku, kalimutan mo na iyon, Meg.

Bigla kong naisip si Rick. Bakit ba hindi ko siya pinagbigyan? Baka siya na ang sagot para makalimutan ko si Jon. Napuno ako ng panghihinayang. Naisip kong tawagan siya pero nakakahiya naman. Pagkatapos ko siyang i-tum down babawiin ko? Nanalo na naman ang pride ko. Huwag na.

He's too good to be true anyway.

Pinilit kong ituon ang atensyon ko sa trabaho, pero naiisip ko pa rin si Jon. Hindi ko maintindihan ang sakit na nararamdaman ko. Sumasakit ang lalamunan ko sa kakapigil sa pag-iyak. Nasugatan ang ego ko!

Megan, you're a grown woman. Get your shit together!

Hindi ko namalayang mag-a-alas-siete na pala. Nalibang yata ako. Paglabas ko ng building, ay tumambad sa akin ang isang lalaking nakasandal sa kotse. Nakilala ko siya agad.

Si Rick!

Bigla akong nabuhayan. It's a sign! Pero hindi ko ipinahalata ang tuwa ko.

Play hard to get, Meg!

“O, ano’ng ginagawa mo dito?” I tried to look serious. Naghintay ba siya sa akin?

“Hinihintay ka,” he said.

Wow, *buti na lang makulit ka*. Bigla akong kinilig.

“Paano mo naman nalaman na nandito pa ako?” Pasimpleng tiningnan ko siya mula ulo hanggang paa. He was wearing a light rose-colored long sleeves, tucked under his slack pants which fit him so well, and brown leather shoes.

He has a good sense of style, I’ll give him that.

“Madali lang naman magtanong.” Ngumiti siya.

“Kailangan ko nang umuwi, eh.” Bakit ba ako nagpapakipot, eh, gusto ko naman?

“Maaga pa naman. Dinner muna tayo?” alok niya.

“Hindi pa kita gaanong kilala, bakit ako sasama sa ’yo? Baka rapist ka,” I answered, and it was half-meant. *Hindi por que nakakotse matino.*

“Grabe ka naman.” He looked hurt. “Pero sorry, ha, if I gave you the wrong impression,” depensa niya at mukhang sinsero talaga siya.

Hindi ko na tuloy alam ang sasabihin ko.

“So, tara?” follow-up niya. “Or do I need to show you my IDs?” aniya sabay dukot ng wallet mula sa back-pocket niya in a very manly and sexy way.

Ano ba ’yan, Megan!

“Here. This is my driver’s license—”

“Okay na. Baka kung ano pa ang makita ko diyan,” I cut him off as he started showing me the contents of

his wallet. “Saan ba?” dugtong ko sa tono na kunwari ay napipilitan.

Konti pang pakipot, Meg.

“I know a really nice restaurant kaso medyo malayo dito.”

“Eh... ano kasi—”

“Please?” sabat ni Rick at saka ngumiti.

Tama na nga ang pagpapakipot, gutom na rin naman ako. “O, sige, ganito na lang. May alam akong restaurant malapit lang dito. Lakarin na lang natin,” I suggested.

“Let’s take the car.” Tiningnan niya ang high heels ko. “Mukhang masakit ’yan, eh.” Natawa siya at hindi ko maiwasang tumitig. Ang ganda kasi talaga ng ngipin niya, para siyang model ng *Kutitap* toothpaste!

“Hindi ’no! Kumportable ’to. Tara na nga.” Nagsimula na akong maglakad. Dinig na dinig ko ang bawat bagsak ng mga takong ko sa semento.

Oh, I love the sound of these shoes! These shoes are really made for walking.

He shook his head in submission and smiled. His hands were in his pockets as we walked in silence.

Nakarating kami sa *Mond’s Resto*. Ang may-ari nito ay common friend namin ni Jon. Hindi ko balak ipakita na may kasama akong iba. Masarap lang talaga ang pagkain dito, pero siyempre parte na rin siguro iyon ng plano ko.

Pumasok kami sa loob. Iba na ang set-up ng restaurant ngayon. Matagal na rin noong huling

nakapunta ako rito. Kasi nga di ba, hindi na ako dinadala rito ni Jon kasi busy na siya sa iba.

Hay naku, nabubuwiset na naman tuloy ako! *Erase that thought!*

The waiter ushered us to our table and Rick pulled out a chair for me.

Napataas ako ng kilay. Aba, chivalry isn't dead pa pala. Ni minsan, hindi ito ginawa para sa akin ni Jon. Kaya naman, may konting kilig akong naramdaman.

Buti na lang at nag-ayos ako ngayon kundi baka nagmukha akong katulong nitong kasama ko. Tiningnan ko siya and he's also looking at me. Na-conscious tuloy ako. May dumi ba ako sa mukha?

I grabbed my phone and secretly looked at my reflection. Wala naman!

Nilakasan ko ang loob ko and went straight to the point. "So, what do you want from me?"

"Ha? Wala, gusto ko lang makipagkaibigan. I'm new here."

"So, kailangan mo ng tour guide?"

"Hindi." Natawa siya. "A friend."

Ah, ganoon. Na-friendzone agad ako? May konting disappointment akong naramdaman pero okay lang. Hindi ako nagpahalata.

Cool ka lang, Meg. Huwag kasing masyadong assuming next time.

"So, taga-saan ka talaga?" tanong ko.

"From Cebu."

“Talaga? You don’t sound Bisaya,” saad ko at natawa siya.

“We’re not really Cebuanos. Doon lang kami lumaki because of Dad’s business there, pero from Laguna talaga ’yong family namin.”

“Ah, okay,” sabi ko na lang at ngumiti si Kutitap guy.

He appeared well-mannered. Muscular, but not too buff. Just enough to show that he lived a healthy life. He’s also clean-shaven and I bet he’d look good even with a beard. In fairness, yummy siya!

Gosh. What am I thinking?

Hindi na ako masyadong nagpa-cute pa. Kaibigan lang naman daw ang hanap niya, eh.

“Bakit ka nga pala umiiyak n’ung isang gabi?” tanong niya.

“Hindi ako umiiyak, ’no!” Heto na naman ako. Nagtataray na naman ako. Bakit kasi iyon pa, sa dinami-dami ng puwedeng itanong?

“Hindi raw. Lalaki nagpaiyak sa ’yo, ano?” usyoso niya.

Hindi ako kumibo. Naiinis na ako. May pagkachismo pala ’to, eh.

“Uy, okay ka lang?” nag-aalalang tanong niya.

“Oo.” Pinilit kong ngumiti.

“Okay, sorry, change topic. Kwento ka na.”

“Do I look like a storyteller to you?” I answered. Nagtataray na naman ako.

“No, I just want to get to know you.”

“Talaga lang, ha.” Biglang nagbago ang mood ko.

“So, editor-in-chief? Nice.” Nasabi ko na kasi iyon sa kanya last night. He looked genuinely impressed.

“Thanks.” Iyon lang ang naisagot ko. Ayaw ko iyong ipagyabang.

“Tell me more.”

“Nagbi-business din ako. Ikaw, what do you do?”

“May family business kami. But I have my own.”

“Ano’ng business mo?” Dudugtungan ko pa sana ng, ‘monkey business?’ pero hindi na lang. Komi, eh.

“I have a resort in Laguna and other places,” he answered briefly.

“Oh, nice.” I didn’t want to sound too impressed.

Dumating na ang order namin. Hindi ako nagpahalatang nakoko-conscious ako kay Rick, pero ang totoo, oo. Sobra. Feeling ko kasi ang perfect niya at ako naman sobrang plain.

“So, how old are you?” I asked after my first bite of my salad.

“Twenty-eight.” Sinabi niya kung kailan ang birthday niya. “Ikaw?”

“Twenty-six. Kuya pala kita.” Tumawa ako nang malakas na parang nang-aasar.

“Hindi naman... parang ikaw nga ang ate,” bwelta niya at tumawa rin.

Bastos na ‘to! Inirapan ko siya at nanahimik ako.

“Uy, joke lang,” sabi niya.

Hindi ko siya pinansin.

“Joke lang nga. Baka di ka na pumayag sumama sa ‘kin sa sunod,” dugtong niya.

Ah, so may balak pa siya?

Medyo natuwa ako pero di ba nga naghahanap lang siya ng kaibigan? Saka baka may girlfriend na. Ang lalaking ganito ay hindi puwedeng mabakante. Baka ginagawa lang ako nitong pampalipas-oras. Naiinis na naman ako.

“Do you have a boyfriend?”

Hayun! Itatanong niya rin pala.

“Wala.” Sasabihin ko ba? “Kabi-break lang namin.”

“Sabi ko na, eh. Kaya ka siguro umiiyak n’ong gabing ‘yon, ano?”

“Hindi nga ako umiiyak n’on!” I sounded pathetic.

Tumawa siya. “Okay, okay.”

“I’m sure you have a girlfriend.” Hindi ko na napigilan ang bibig ko.

“Wala. I haven’t heard from her since she left for the States.”

“Ahh...” I tried not to smile dahil ayokong magpahalata na natuwa ako. Hindi na ako nagsalitta pa. Natahimik din siya.

“Kwento ka na,” sabi niya.

“Wala akong kwento. Boring ang buhay ko. Ikaw na lang.”

“Ako nauna nagtanong, eh.”

“Hmp. Hindi nga interesting ang buhay ko.

Trabaho, shop at apartment lang. I travel for work and I write on my free time. Gimik din paminsan-minsan.”

“S’an ka gumigimik? Sama mo naman ako sa sunod.”

“Huwag na. Mga babae kami lahat, eh,” rason ko.

“Okay lang,” sabi niya.

Ayoko. Baka ma-in love ka pa sa isa sa kanila.

Hala, possessive agad?

“Ewan. Tanungin ko muna sila kung okay lang sa kanila.”

“Let me know.” Nakangiti na naman siya.

Bakit ba ang gandang lalaki nito? Ang swerte ko kung sakaling magkagusto ’to sa ’kin. Walang-wala si Jon dito.

Baka puwet lang siya ni Rick. Natatawa ako, pero nalulungkot din dahil naisip kong malayong magkagusto sa akin ang isang ito. I mean, alam ko na maganda ako, chos, pero hindi iyong super ganda na bagay sa kanya.

Simple lang ang ganda ko...

Saka teka nga, sabi nang huwag maging assumera, eh! Isa pa, di ba may girlfriend nga siya? AWOL nga lang.

“Uy, okay ka lang?” tanong niya.

Natulala yata ako.

I faked a smile. “Oo naman.”

“Ano’ng plano mo after this?”

“Plano? Wala. Uuwi na ’ko.”

“Ang boring naman n’on.”

“Sabi ko sa ’yo, di ba? Boring nga ang buhay ko.”

Nagkwentuhan pa kami pero sobrang self-conscious ako. Iba kasi siya, eh. O baka feeling ko lang. Nang matapos kaming kumain, naglakad ulit kami pabalik sa labas ng office ko dahil nandoon ang kotse niya.

“Sige, ah. Una na ako. Thanks for the dinner,” sabi ko at tumalikod na para maglakad.

“Wait! Hatid na kita,” habol niya.

“Huwag na. Walking distance lang naman mula dito ang apartment ko,” pakipot ko pa.

“Hatid na nga kita. Gabi na, o,” pilit niya.

“Okay lang, sanay na ako.” *Todo na ’to.*

“Sure ka?”

“Yep,” sagot ko pero ang totoo gusto ko rin na ihatid niya ako.

Ang arte mo kasi. Sobrang pakipot pa!

Tumalikod na ako at nagsimulang maglakad sabay sabing, “Bye.”

“Ingat ka,” sigaw niya.

Kumaway ako nang hindi lumilingon sa kanya. Narinig kong umandar ang sasakyan niya at humarurot na.

Hindi ko alam kung bakit ako biglang nalungkot. Dahil ba kay Jon o kay Rick? Nalulungkot pa rin ako sa nangyari sa amin ni Jon kasi minahal ko talaga iyong tao. Five years iyon, hindi iyon basta-basta maaalis

sa puso ko. Alam ko rin na minahal niya ako. Kung babalikan niya ako, patatawarin ko yata siya, eh.

Mag-sorry lang talaga siya. Bigla akong napaiyak. Ang tanga-tanga ko para isipin pa ito. Niloko na nga ako, nahuli ko pa sa akto, gusto ko pa ring balikan?

Napakatanga mo, Meg!

Nang makarating ako sa apartment, narinig kong may tumatawag sa cellphone ko. Sinagot ko agad sa pag-aakalang si Jon iyon.

Si Rem pala, one of my best friends.

“What’s up?” she asked cheerfully.

“What’s up?” ulit ko. “Jon and I broke up.”

“Ha? Di nga?” Halatang gulat siya.

“Totoo,” kumpirma ko.

“Ano’ng nangyari?”

“Niloko niya na naman ako.” Hindi ko na sinabi ang gory details.

“Hay naku, tama na rin sigurong naghiwalay na kayo. Pangalawang beses na ’yan, eh.”

“Siguro nga,” malungkot na sabi ko.

4

Moving On

Kinabukasan, maaga akong pumunta sa boutique dahil maraming orders. Nagpaka-busy ako. Pagkatapos doon ay dumerecho na ako sa opisina. Pero kahit busy ako, pareho kong hinintay ang text o tawag nina Jon at Rick.

Pero wala.

Ano ba namang buhay 'to?

Focus, Meg. Focus! Wag kang needy!

I need to forget about Jon because he's no longer welcome in my life. We are so through. Si Rick na lang kaya? Umaasa akong mag-text siya, pero natapos ang araw nang hindi siya nagpaparamdam.

Lumipas ang ilan pang araw pero wala pa rin. Siguro ay hanggang doon na lang iyon. Nanghihinayang ako. Deep inside, akala ko siya na ang sagot sa kalungkutan ko.

Bakit kasi hindi ako nagpahatid? Baka nasobrahan kasi ako sa pakipot.

Nabalot ako ng lungkot. Kahit ang tingin ng iba ay malakas ako, pag-uwi ay umiiyak pa rin ako.

I feel so empty.

Gusto kong makalimot. Gusto kong magsimula ulit. Paano ba ako makakalimot? Puwede akong magbakasyon. Matagal na rin akong hindi nakakapagbakasyon. Ito yata ang kailangan ko. Kaso saan naman ako pupunta?

Naisipan kong i-text ang mga kaibigan ko, pero para bang nag-usap-usap sila at lahat sila ay busy. I felt sad pero naiintindihan ko sila. We all have our own careers. We are all grown ups. Ganoon talaga.

I'd been to almost every tourist destination here in the Philippines. Perks ito ng pagiging editor-in-chief ng isang magazine company. Kaya naman compensated talaga ang lahat ng efforts ko. Iyon nga lang, pag nagkakayayaang magbakasyon ay wala na tuloy akong bagong maisip na puntahan.

Matagal na naming pinaplano ng mga kaibigan ko na pumuntang Batanes, pero hindi magkasabay-sabay ang schedule namin. Nakapunta na ako roon pero gusto kong bumalik ulit kasama sila. Kung sana ay puwede sila ngayon, kaso hindi.

Doon ako nalungkot.

I didn't know where to go but if I stayed here, baka maloka ako. I have to leave this place for a while. I needed a retreat.

Ang arte mo, Megan! Puwede ba? May retreat-retreat ka pang nalalaman!

Basta! Alam kong kailangan ko ito.

Uuwi na lang ako sa Baguio. I'd take the car and drive.

I miss that place and I do want to escape this summer heat. Nakakainit ng ulo lalo.

Baguio it is!

Pagkatapos ng trabaho ko ay tinawagan ko si Mama upang tanungin kung may nagre-rent ba ngayon sa bahay. Noong mamatay kasi si Papa, pinarentahan na namin iyon from time to time since ayaw tumira roon ni Mama dahil naaalala niya raw si Papa palagi.

Sa Baguio ako lumaki, pero hindi ako nagsasawang magpabalik-balik doon.

“Hello, Ma?” I tried to sound cheerful but I failed.

“Meg? Kumusta?” Nabigla yata siya at napatawag ako.

Na-guilty tuloy ako at ngayon lang ako tumawag. “Okay lang, Ma.” I went straight to the point. “May nagre-rent ba ngayon doon sa bahay natin? Puwede ba akong magbakasyon muna d'on?”

“Bakante iyon dahil katatapos lang i-renovate. Bakit, Meg? Ano'ng problema?” tanong niya. Na-sense niya yata.

“Wala naman po,” I denied.

“Meg, kilala kita. Sa tuwing may problema ka,

pumupunta ka doon. Ano'ng problema?"

"Wala po talaga."

"Mama mo ako, Meg. Puwede mong sabihin sa 'kin."

"Hay, okay." Bumuntong-hininga na lang ako. Kilalang-kilala talaga ako ni Mama. "Wala na kami ni Jon."

"Hay, salamat naman at natauhan ka na."

Natawa na lang ako sa sinabing iyon ni Mama. She never liked Jon. Noong una kong ipinakilala kay Mama, sinabi niya na sa akin na ayaw niya kay Jon kaso hindi ako nakinig.

Hayan tuloy.

"I know, Ma. You told me so. Right?"

"Yes. Mother knows best."

"Yes, Ma. Gusto mo pong sumama?"

"Hindi na, Meg, kagagaling ko lang doon dahil sa renovation. And besides, I think you need some time alone."

"I think so, too, Ma," I said.

Next week pa ang scheduled vacation ko kaya may time pa para tapusin lahat ng dapat kong gawin. Ito ang kailangan ko para maka-move on. I needed to be alone. Kaya ko ito.

I've always been a solo traveler. I'm an independent woman. Pero sana pagbalik ko, okay na ang lahat. Okay na ako.

I promised myself that I would forget about Jon.

At si Rick naman ay isa na lamang magandang panaginip. Anyway, okay lang, baka hindi pa talaga siya ang The One. Tinanggap ko na wala na munang lalaki sa buhay ko.

Who needs a guy anyway? They're such a pain in the ass!

The whole week inayos ko ang lahat ng maiwan ko. I asked Rem to oversee the boutique while I was away. I made sure na walang istorbo sa bakasyon ko.

“Sure ka ayaw mo kaming isama?”

“Di ba di kayo puwede?” sagot ko.

“Gusto ko sana kaso walang magbabantay kay Carly at saka dito sa shop mo!” sabi niya at inirapan ako.

Natawa ako sa kanya. “Yeah, you're right. Stay here and take care of my shop while I take my vacation!” pang-aasar ko.

She snorted. “See? Ginawa akong caretaker.”

Natawa ako. “Let's all meet when I get back.”

Maaga akong bumiyahe papuntang Baguio. I decided to take my car instead of riding a bus dahil mas matagal ang biyahe pag gan'on. This way, I could pack generously at saka convenient din magkotse dahil madami akong dalang pasalubong pabalik for my staff and friends.

I remembered the first time I went there by car, I was so nervous that I might fall off the cliff, but now, I know the road like the back of my hand.

On the way to Baguio, I have to stop several times

dahil naiiyak ako sa tuwing pumapasok sa isip ko ang ginawa ni Jon. I felt pathetic! Dahil doon mas matagal ang travel time ko.

Nilakasan ko na lang ang radio at nagpatugtog ng mga encouraging songs for the brokenhearted like, *I Look So Good Without You* and *F*ck You* by Lily Allen. Parang umepek naman.

Malapit na ako sa Baguio nang marinig kong may nag-text. And this time, hindi na ako nag-expect pa kung sino. Hindi ko rin iyon tiningnan dahil nagda-drive ako. Nasa *Kennon Road* na ako at ayokong mahulog sa bangin dahil lang sa isang text, 'no!

I kept driving hanggang sa makarating ako sa bahay namin. I have like ten messages when I checked my phone and one of them was from Rick.

Himala! Hindi ko alam kung matutuwa ako o malulungkot.

Hey, sorry ngayon lang ako nag-text. Nagkasakit si Dad, eh. I took over the business muna. Where are you? Can we meet? text niya.

Hindi na ako nag-reply. *Huli ka na.*

Nawalan na ako ng gana sa kahit na sino sa kanila. It's never gonna work anyway. Right? I tried to convince myself while I wallowed in self-pity and what ifs.

I put my phone somewhere hidden as I entered the house.